# Diliman Review

Vol. 64 No. 2 (2020) | Dánas/[R]ánas: COVID-19 Special Literary Issue

ISSN 0012-2858

EDITOR
**Aldrin P. Lee**
(Department of Linguistics, CSSP)

ASSOCIATE EDITORS
**Jayson De Guzman Petras**
(Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, CAL)
**Christine V. Lao**
(Department of English and Comparative Literature, CAL)

MANAGING EDITOR
**Darius L. Martinez**
(Diliman Review, CSSP)

EDITORIAL ASSISTANT
**Mico C. Macaraeg**
(Diliman Review, CSSP)

COVER DESIGN
**Michael M. Manahan**
(Department of Linguistics, CSSP)

BOARD OF ADVISERS
**Amihan Bonifacio-Ramolete**
(Dean, College of Arts and Letters)
**Maria Bernadette L. Abrera**
(Dean, College of Social Sciences and Philosophy)
**Giovanni A. Tapang**
(Dean, College of Science)

*Diliman Review* is a refereed journal jointly published by the College of Arts and Letters, the College of Social Sciences and Philosophy and the College of Science, University of the Philippines Diliman.

Contributions may be mailed to:

**THE EDITOR**
***Diliman Review***
Rm. 2136, Pav. 2, Palma Hall,
UP Diliman, Quezon City, Philippines 1101
review.updiliman@up.edu.ph as MS Word attachments.

*Diliman Review* may be obtained at the address above at P600 per volume or may be mailed outside the Philippines for $15 (postage included) per volume. Regular undergraduate and Graduate students of CAL, CSSP and CS may obtain their free copies from the Diliman Review Office upon presentation of an updated UP ID. Please make checks payable to:

***Diliman Review***

All Rights Reserved

Permission to reproduce the contents, in part or in whole, in print or digital formats must be obtained from the Editor of the ***Diliman Review*** and the individual authors. Send requests to ***review.updiliman@up.edu.ph***

*The opinions expressed by the authors do not necessarily represent those of the editors of the **Diliman Review**.*

# Contents/Nilalaman


**DÁNAS/[R]ÁNAS (SPECIAL LITERARY ISSUE)** i
*Notes from the Editor*
*Aldrin P. Lee*

**SHORT FICTION/MAIKLING KUWENTO**

SHELTERING 1
*Charlson Ong*

POSTMORTEM 11
*Larissa Mae Suarez*

FACE MASK 13
*Andyleen C. Feje*

**POETRY/TULA**

ON AMBAG 15
*Mark Angeles*

THE KIT 16
(isang Spoken Wordz kolab kasama
sina Huseng Batute at Tatay Digong)
*Dakila Cutab*

Tatlong Tula 18
*rr kagalíngan*

PARITUSOK 22
*Manuel Ortega Abis*

Ang Pagdalaw sa Bantulinao 24
at Iba pang Tula
*Pat Baloloy*

Sestina: Dos Mil Beinte 34
*Ivie Urdas*

**ESSAYS & EXPERIENTIAL NARRATIVES/SANAYSAY AT NARATIBONG EKSPERYENSYAL**

Pagsulat ng Kuwentong Pambata sa Gitna ng Pandemya: Karanasan sa Pagbuo ng Aklat na may Pananaliksik na Lapit 36
*Cheeno Marlo M. Sayuno*

Locked-in Syndrome and an Epistemology of Lockdown 52
*Nicolo M. Masakayan*

Murmuray 68
*Will P. Ortiz*

Ihaw-Ihaw 78
*Andrew Bonifacio L. Clete*

Ayoko nang bumalik sa Busan/Pilipinas 86
*Gerard Concepcion*

The Horrors of Manila 94
*Andyleen C. Feje*

Living a Life Worth Living with my Dog during the COVID-19 Pandemic 99
*Danielle Marie A. Parreño*

Mga Tala ng Pagsasalin sa Panahon ng Pandemya (Tales of Translations during the Time of Pandemic) 109
*Diane Manzano*

Binago Tayo ng 2020 114
*April Perez*

An Unending Journey 128
*Jairus Diesta Espiritu*

Bag-o nga Binukot 134
*Orland Agustin Solis*

Confessions of a Hoarder: Critical Reflections on a Trip to the Supermarket 140
*Dominique Angela M. Juntado*

The Thing with Isolation 148
*Fermin Antonio Yabut*

Sarap ng buhay, at iba pang ingay 152
*Ivan Emil Labayne*

Strange Progressions 155
*Jose Martin V. Singh*

SAKSI KO ANG LANGIT: Tatlong Dagli/Dadaanin 168
*Mark Angeles*

Ilang Sulok ng Himutok 170
*Francisco A. Monteseña*

TP4173 173
*Juan Miguel Leandro Quizon*

Ang Dalawang Pinakamahabang Araw sa Kalye Sinupi 186
*Rossite Ramilo*

**NOTES ON CONTRIBUTORS/TALA UKOL SA MGA KONTRIBYUTORS** 194

# Notes from the Editor/Tala mula sa Editor

The Dánas/[R]ánas timeline has been overly stretched from the time we released the call for contributions in 2020. It took two years before we were able to release the first issue in 2022, and again, it was only after another two years when we were able to release the second issue. Hence, on behalf of the editorial team, I would like to start with a sincere apology to the contributors to this issue, who have waited for around four years for their work to finally become available to the reading public. We thank them for their understanding and patience, and for still entrusting their contributions despite the tremendous delay. While I explained the circumstances that caused the delay in my foreword to the first issue published in 2022, further excuses after another two-year delay will not make sense. The best that we could do now is try to rectify our shortcoming by ensuring that the issue gets published in the soonest possible time, and to provide any assistance that the contributors may need in line with their Dánas/[R]ánas contribution.

Sa gitna ng samu't saring hamon na kinaharap ng editorial team sa pagproseso ng mga akda para sa ikalawang isyu na ito ng Dánas/[R]ánas, isang karangalan na makasama ko ang bawat isa sa kanila sa napakamakabuluhang publikasyon na ito. Maraming salamat at pagpupugay sa aking mga kaagapay na editor, sina Tin Lao (para sa mga akda sa Ingles) at Jayson Petras (para sa mga akda sa Filipino) na hindi sinukuan ang proyektong ito, at ipinagpatuloy ang pagproseso sa mga manuskritong natanggap para sa isyu na ito. Napakalaking pasasalamat din kay Da Martinez, na nagsilbing Managing Editor, at kay Mico Macaraeg, na masinop na inorganisa ang lahat ng mga akdang isinumite para sa espesyal na tomong ito. Malugod na tinanggap ng aking mga kaagapay na editor ang responsibilidad na ito sa kasagsagan ng pandemyang COVID-19, kahit na nangangailangan ito ng panahon at pagbusisi na lampas-lampas na sa workload na dapat na asahan batay sa imbitasyon na ipinarating ko sa kanila. Maraming salamat sa hindi pagbitaw at sa paglalalaan ng inyong oras at ekspertis upang masigurong nasala nang maayos ang mga kontribusyon. Sa laki ng kanilang naging responsibilidad, na ginawa nila nang pro bono, tiyak na hindi sapat ang aking pasasalamat lamang— kaya't harinawa'y makatanggap sila ng pagpapala sa ibang pamamaraan. Walang hanggang pasasalamat din sa lahat ng mga nagsilbing rebyuwer sa mga akdang isinumite para sa isyung ito. Hindi man namin

kayo maisa-isa, lubos kaming nagpapasalamat sa inyong inilaang panahon sa pagbabasa at pagbibigay-komento sa bawat manuskrito.

Unlike the 1st issue, which featured full length articles, the bulk of the 2nd issue are personal essays, experiential narratives, and literary pieces. The contributions, while much shorter in length, are in no way less impactful than the featured articles in the 1st issue. The personal essays and experiential narratives vividly capture the nuances of life and living in our country during the pandemic, from the subtle storytelling of aspects of daily life constrained by the lockdown to the complex challenges of isolation, of being isolated, and more so—of the fear of either being lost or of losing someone during those troubled times.

Bagama't marami-rami rin ang mga malikhaing akda na isinumite sa espesyal na tomong ito, iilan lamang ang mga pumasa sa rebyu at napasama sa isyung ito. Piling-pili ang tatlong maiikling kuwento at anim na mga tulang matutunghayan ninyo sa unang mga pahina ng tomo. Kinakatawan nila ang iba't ibang emosyon at perspektibo sa panahon ng pandemya— mga himutok at daing, mga kirot at hinagpis—na ipinahayag sa malikhaing pamamaraan. Ramdam na ramdam ang bawat linya, tagos sa puso ang bawat kataga—tunay na hitik sa imahinasyong naglalarawan ng iba't ibang karanasan nating mga Pilipino ang mga akdang ito.

A total of twenty-eight (28) contributions made it to this special literary issue of the Dánas/[R]ánas. As one of the few special publications that dedicated an entire volume to the Filipino/Philippine experience of the COVID-19 pandemic, the Volume 64 of the Diliman Review, which we named Dánas/[R]ánas, serves as a significant resource for those who intend to read and learn about our country's experience of the COVID-19 pandemic from a more humanistic perspective. Despite the enormous delay, I am proud of how the literary contributions in this issue, alongside the eleven (11) research articles in the first issue, adequately reflect the different facets of the Filipino experience during the COVID-19 pandemic— which was our main goal when we conceptualized this special volume.

Huli man daw at magaling ay naihahabol din. Sa totoo lang, sa muli't muling pagtunghay sa mga akda— makalipas ang isang taon, o pagkaraan ng dalawa hanggang apat na taon, napagtanto kong nag-iiba rin ang pakiramdam, ang

pag-unawa, ang imahinasyon, at ang emosyon. Noong panahon ng pandemya, nahihirapan akong basahin man lang ang ibang bahagi ng mga akda. Marahil ay dahil na rin sa napapaloob pa ako sa mismong sitwasyon, sa mismong konteksto. Sa mga panahong iyon ay kasalukuyan pa nating dinaranas ang mga sirkumstansyang isinasalarawan sa bawat akda. Nitong huling pasada ko ng pagbabasa sa mga akda, mas luminaw sa akin ang mga karanasan, mas gumana ang aking imahinasyon, mas lalo kong hinangaan ang mga awtor at ang bawat linyang kanilang isinulat. Muling nabuhay ang inis o galit sa naging sistema, dumaloy ang luha sa ilang mga akdang umantig sa aking damdamin, at naging buo ang pagproseso sa isip ng mga nilalaman ng mga sanaysay at naratibo. Bagama't naantala nang sobra-sobra ang paglabas ng isyung ito, umaasa akong mararamdaman pa rin ng bawat magbabasa ang bigat, ang mga hinagpis, at mga bulong ng pag-asa na nilalaman ng mga akda. Inaasahan ko ring mas magiging magaan ang pagbabasa at mas magiging buo ang pagtingin natin sa bawat akda ngayong nalampasan na natin ang napakalaking hamong ito sa ating kasaysayan at sa ating buhay bilang mga nilalang sa mundong ito.

Again, as I have already mentioned in the first issue, I would like to thank our former Dean in the College of Social Sciences and Philosophy of UP Diliman, Dr. Maria Bernadette Abrera, for her trust and support. I would also like to express gratitude to our current Dean, Dr. Ruth Lusterio-Rico, who gave us the leeway to continue working on the volume despite the delay. I thank again my colleague and friend, Michael Manahan, who agreed to design the cover specifically for this volume. I am also grateful to Dr. Clemen Aquino, who sent me a heartening email after we released the call for this volume. People like her who made sure their kind words reached us gave us an additional push to proceed with the volume.

Sa mga awtor na matagal na naghintay na mailabas ang kanilang mga akda, narito na po sa wakas. Muli akong humihingi ng paumanhin sa pagkaantala, at masigabong pagbati sa inyong lahat dahil naging bahagi ang inyong kontribusyon ng isang mahalaga at makasaysayang tomo ng Diliman Review.

To the readers, enjoy and savor the poignance, the emotional roller coaster ride, the bittersweet depiction of our COVID-19 experiences as Filipinos, and as a nation.

Matamang salamat ig basiparang indi ta ren maagian i uman ang kakurian nga ateng ing-agem sa timpo i ang COVID-19 pandemic. Basiparang ubayan kitang tanan nga pirmi i ang Makagagaem!

**ALDRIN P. LEE, PhD**
*Editor*